

MGA KASAMANG ABISO:

- ABISO SA PAGIGING DELINKUWENTE NG PAGBABAYAD AT NAPIPINTONG PAGPUTOL
 - Ang isang abiso ay laging ipapadala sa koreo sa address ng kostumer. Kung saan ang address ng kostumer ay naiiba mula sa address ng napipintong pagwawakas ng serbisyo, ang pangalawang abiso ay dapat ipadala sa koreo sa address ng napipintong pagwawakas ng serbisyo at naka-address sa “occupant.”
- PINAL NA ABISO SA PAGIGING DELINKUWENTE NG PAGBABAYAD SA SERBISYO AT NAPIPINTONG PAGPUTOL

Mga Tala:

- Ang mga abiso ay ilalaan sa Ingles, Espanyol, Tsino, Koreano, Vietnamese at Tagalog. Bilang karagdagan, dapat silang bigyan sa anumang ibang wikang sinasalita ng 10 porsiyento o higit pa sa mga kostumer sa lugar ng serbisyo ng urban at komunidad na sistemang tubig. (*tingnan ang SB 998 §116922*).
- Hindi kasama sa ibaba ang hiwalay na abiso para kung ang Distrito ay hindi makakontak sa mamimili. Kapag hindi makontak ng Distrito ang mamimili sa telepono o kapag ang pinadalang abiso ay naituring na hindi maihahatid, ang Distrito ay dapat mag-post ng kopya ng ABISO NG PAGIGING DELINKUWENTE NG PAGBABAYAD AT NAPIPINTONG PAGPUTOL na naka-address sa “occupant” pati na ang kopya ng Patakaran ng Distrito sa Pagputol ng Residensiyal na Serbisyon Tubig para sa Hindi Pagbabayad sa mapapansing lokasyon ng tirahan kung saan ang serbisyon tubig ay wawakasan.

Tinutukoy ng mga talaan ng Lungsod na ang iyong account ng Utility ng Tubig ay nakaraan na ang pagkatakda. Kung ang bayad ay hindi natanggap sa **Lunes, 01/06/2020 (ilalagay ng kawani)**, ang iyong serbisyong tubig ay ii-skedyul para *putulin* sa **Martes, 01/07/2020 (ilalagay ng kawani)** at lahat ng mga angkop na bayarin ay tatasahin sa iyong account

sa Lunes ng gabi. Kung ang petsa ng pagputol ay pumatak sa weekend o holiday, ang pagputol ay magaganap sa susunod na araw ng negosyo. Kapag

ang pagkilos na ito ay isinagawa at tatanggap lang kami ng cash o money order na pagbabayad. WALANG MGA TSEKE sa delinkuwenteng at

bayad sa pagprosesong mga halaga (WALANG EKSEPSIYON). Pakibayaran ang kabuuang delinkuwenteng halaga sa o bago ang petsang nakatakda na **01/06/2020 (ilalagay ng kawani)**

sa 5:30 p.m. para maiwasan ang \$36.77 na Bayad sa pagproseso ng pagputol

Kung umuupa ka at hindi binayaran ng kasera mo ang singil sa tubig, maaari ka maging kostumer ng [Distrito] na responsable sa account nang pasulong kung sundin mo ang mga hakbang na nakasalarawan sa ibaba; o (c) gumawa ng alternatibong bayad na kasunduan ayon sa nakatakda sa ibaba.

Mga Umookupang Umuupa (para lang sa mga umuupa):

Para maiwasan ang serbisyo ng kawalan ng tubig bilang umuupa, dapat mong kontakin ang inyong kasera, tagapamahala ng pag-aari o may-ari ng pag-aari patungkol sa pagbayad mo ng singil sa tubig.

At, bilang umuupa, may karapatan ka pa ring maging kostumer ng Lungsod ng South Gate na responsable para sa account. Subalit, kapag ginawa mo ito, ikaw ay magiging responsable para sa lahat ng singil sa hinaharap para sa ginamit na tubig sa pag-aaring ito. Kung matugunan mo ang mga inaatas namin para maging bagong kostumer at sumasang-ayon kang sumunod sa aming mga patakaran at regulasyon, na maaaring kasama ang pagbabayad sa deposito, ang serbisyong tubig ay ipapagpatuloy nang hindi ka inaatasang magbayad ng kasalukuyang umiiral na balanse.

Mangyaring tawagan ang kinatawan ng serbisyo para sa kostumer ng Lungsod ng South Gate sa (323) 563-9586 para matuto kung paano ipagpatuloy ang serbisyong tubig sa inyong address, makatanggap ng tinatayang buwanang halaga ng serbisyong tubig at kunin ang address ng opisina namin, kung saan ka maaaring makipag-usap sa kinatawan ng serbisyo para sa kostumer nang personal.

Paghiling ng Ekstensiyon o Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad:

Bilang mamimili, may karapatan kang humiling ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad patungkol sa kasalukuyang balanse ng account na ibibigay sa diskresyon ng Lungsod ng South Gate. Para maging kuwalipikado sa kasunduan sa alternatibong pagbabayad, dapat kang magbigay ng katibayan ng pagtugon sa **lahat ng tatlo** sa mga sumusunod na inaatas bago ang [*petsa ng pagputol*]:

- (1) **Mga Pangkalusugang Kundisyon** – dapat kang magbigay ng sertipikasyon mula sa tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga na ang pagputol ng serbisyong tubig ay banta sa buhay ng, o magpipinto ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng, sinumang tao na nakatira sa pag-aari;
- (2) **Kawalan ng Pinansiyal na Kakayahan** – dapat mong ipakita na pinansiyal kang hindi makakapagbayad sa pamamagitan ng: (a) pagpapakita ng dokumento na nagpapakita na ang sinumang miyembro ng sambahayan mo ay kasalukuyang tumatanggap ng isa

sa mga sumusunod na benepisyo: Ang CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, MediCal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o (b) pagdeklara na ang taunang kita ng sambahayan niyo ay mas mababa sa 200% ng pederal na lebel ng kahirapan; at

- (3) **Mga Kasunduan sa Alternatibogn Pagbabayad** – dapat mong tukuyin ang kagustuhan mong pumasok sa kasunduan sa amortisasyon, iskedyul ng alternatibong pagbabayad o plano para sa naantala o binawasang bayad.

Dapat isumite ang dokumentasyon sa tanggapan ng Lungsod ng South Gate. Para pahintulutan ang sapat na oras para sa paghiling sa pagproseso ng mga hiling para sa mga alternatibong pagbabayad, dapat mong isauli ang lahat ng kailangang dokumentasyon sa lalong madaling panahon.

Sa napapanahong pagtanggap ng katibayan ng kuwalipikasyon at kumpirmasyon nito, ang Lungsod ng South Gate ay maagap kang kokontakin para humiling ng kailangang karagdagang impormasyon, o para abisuhan ka sa kasunduan ng alternatibong pagbabayad, at mga nauukol na tuntunin, kung saan ka napiling lumahok. Ang posibleng kasunduan sa alternatibong pagbabayad ay maaaring gawin sa Lungsod ng South Gate.

Proseso ng pagrepaso ng Singil at Apela:

Kung walang naunang apela o kahilingan para sa pagrepaso ng singil ang ginawa, maaaring humiling ang mamimili ng apela o pagrepaso ng singil kung saan nauugnay ang abisong ito kung sinabi ng mamimili na mali ang singil alinsunod sa dami ng konsumo ng tubig na nakatakda sa singil na iyon. Ang mga apela at kahilingan sa pagrepaso ay kailangang nakasulat at dapat kasama ang dokumentasyong sumusuporta sa apela o sa dahilan sa pagrepaso. Lahat ng mga apela o hiling sa pagrepaso ay dapat ihatid sa tanggapan ng Lungsod ng South Gate sa loob ng limang (5) araw ng negosyo sa petsa ng abisong ito.

Sa pagtanggap ng apela o kahilingan sa pagrepaso, ang **Direktot ng Pananalapi** ng Lungsod ng South Gate o ang designado niya ay magbibigay ng pagpasya sa pagkatumpak ng mga singil sa tubig at bibigyan ka ng nakasulat na buod ng pagpasya. Kung nakitang mali ang mga singil, ang itinamang invoice ay ibibigay at ang bayad sa mga binagong singil ay magiging takda sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo ng binagong petsa ng invoice. Ang mga singil na natukoy na tama ay nakatakda at babayaran sa dalawang (2) araw ng negosyo matapos maisagawa ang pagpasya ng **Direktor ng Pananalapi** o designado. Maaari mong iapela ang pagpasyang iyon sa **Lupon ng Mga Direktor ng Lungsod ng South Gate**. Para magsampa ng apela bago ang **Lupon ng Mga Direktor** ng Lungsod ng South Gate, dapat kang magsampa sa pamamagitan ng sulat at ihatid ito sa tanggapan ng Lungsod ng South Gate sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo matapos maibigay ang unang pagpasya ng **Direktor ng Pananalapi** o designado. Ang kasunod na apela ay ididinig sa susunod na regular na pulong ng **Lupon ng Mga Direktor** ng Lungsod ng South Gate maliban kung ang ibang petsa ang pinagkasunduan.

Ang hard-copy ng Patakaran ng Lungsod ng South Gate sa Pagputol ng Residensiyal na Serbisyong Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad ay makukuha kapag hiniling. Elektroniko din itong makukuha sa www.cityofsouthgate.org.

SA [(MGA) UMOOKUPA]:

Ang serbisyong tubig sa address na ito ay nakatakhang putulin sa limang (5) araw ng negosyo para sa isa sa mga sumusunod na dahilan:

- (a) Nabigo ang kostumer na sumunod sa iskedyul ng alternatibong pagbabayad; o
- (b) Habang isinasagawa ang iskedyul ng alternatibong pagbabayad, nabigo ang kostumer na bayaran ang kanyang mga kasalukuyang singil sa residensiyal na serbisyo nang 60 araw o higit pa.

Mga Umookupang Umuupa (para lang sa mga umuupa):

Para maiwasan ang serbisyo ng kawalan ng tubig bilang umuupa, dapat mong kontakin ang inyong kasera, tagapamahala ng pag-aari o may-ari ng pag-aari patungkol sa natukoy sa itaas na mga pagiging delinkuwente.

At, bilang umuupa, may karapatan ka pa ring maging kostumer ng Lungsod ng South Gate na responsable para sa account. Subalit, kapag ginawa mo ito, ikaw ay magiging responsable para sa lahat ng singil sa hinaharap para sa ginamit na tubig sa pag-aaring ito. Kung matugunan mo ang mga inaatas namin para maging bagong kostumer at sumasang-ayon kang sumunod sa aming mga patakaran at regulasyon, na maaaring kasama ang pagbabayad sa deposito, ang serbisyong tubig ay ipapagpatuloy nang hindi ka inaatasang magbayad ng kasalukuyang umiiral na balanse.

Mangyaring tawagan ang kinatawan ng serbisyo para sa kostumer ng Lungsod ng South Gate sa (xxx) xxx-xxxx para matuto kung paano ipagpatuloy ang serbisyong tubig sa inyong address, makatanggap ng tinatayang buwanang halaga ng serbisyong tubig at kunin ang address ng opisina, kung saan ka maaaring makipag-usap sa kinatawan ng serbisyo para sa kostumer nang personal.